（タガログ語）

Sa　Lahat ng mga Magulang

# ◇　令和８年度　就学援助制度のお知らせ　◇

## PAALALA TUNGKOL SA SISTEMA NG FINANCIAL ASSISTANCE PARA SA EDUKASYON PARA SA TAONG 2026

Yokkaichi City Board of Education　School Education Dept.

Sa Yokkaichi City, tinutulungan sa ilang bahagi ang mga pamilyang nahihirapang sagutin ang gastusin sa pag-aaral ng mga anak na pumapasok sa pampublikong paaralang elementarya at Junior High school.

### Maaaring tumanggap ng tulong

Pamilyang dumaranas ng pinansiyal na paghihirap at nahihirapang pag-aralin ang kanilang mga anak o alinman sa ibaba.

(1) Pamilyang pasok sa Yokkaichi City Standard of Income (Pakibasa ang likurang pahina) ayon sa income screening.

(2) Pamilyang nahinto o natanggal ang tinatanggap na tulong base sa Social Welfare Law sa taong 2025.

(3) Iba pang may espesyal na kondisyon･･･ Pamilyang aaprubahan ng Board of Education.

Espesyal na kodisyon･･･Pagbabago ng family condition (may namatay, divorce atbp.) o espesyal na kondisyon (nagpalit ng trabaho, nag-resign sa trabaho, nagkasakit, nasunugan, naaksidente atbp.) na nagdulot ng malaking pagbabago sa pamumuhay.

### Tulong • Halaga ng tulong (Taunan) • Panahon ng pagbibigay

| Tulong | Paaralang Elementarya | | Junior High School | | Panahon ng Pagbibigay |
|---|---|---|---|---|---|
| | Grade 1 | Grade 2～6 | 1st Year | 2nd・3rd Year | |
| Fees para sa School supplies・Mga kailangan sa pagpasok (Kasama na ang Online Studies Communication fee) | 26,630yen | 28,900yen | 37,730yen | 40,000yen | Kalagitnaan ng July, December, March (Hiwa-hiwalay na ibibigay ang halagang nasaad sa kaliwa) |
| School supplies para sa bagong papasok na mag-aaral | 57,060yen | — | 63,000yen | — | February（※Ｉ） |
| Total | 83,690yen | 28,900yen | 100,730yen | 40,000yen | |

Ito ang Taunang Halaga ng Tulong para sa mga na-aprubahan ng April. Ginawa ito base sa 2025 Issued Amount. Maaari itong magbago sa 2026.

**School Lunch Fee**

Ang school lunch sa paaralang elementarya at Junior High school ay magiging in-kind supply na.　Kapag naaprubahan para sa financial assistance para sa edukasyon, hindi na kailangang magbayad ng school lunch fee. Ngunit, kung nagbayad ng school lunch fee sa panahong na-aprubahan na ang financial assistance, ang inyong bayad ay ibabalik na lamang sa inyo.

**School Supplies Fee para sa mga Bagong Papasok na Mag-aaral**（※Ｉ）

・Ibibigay bago magpasukan para sa batang papasok sa pampublikong paaralang elementarya o Jr. HS sa April 2026.

・Sa mga nagpasa ng application pagkatapos ng deadline ng pasahan, maaaring maibigay ito sa inyo pagkatapos na ng pasukan.

・Para lamang sa naaprubahan bago matapos ang katapusan ng April 2026.

・Sa mga nag-transfer mula sa ibang city o town, hindi kayo mabibigyan ng Yokkaichi city kung nakatanggap na kayo sa ibang city o town.

**Iba pang Tulong maliban sa nakasaad sa itaas**

(1) Bahagi ng gastusin sa Off-Campus Activities (Field trip, Community observation atbp.), actual cost sa School Field trip (Sa araw na pinahintulutang isagawa ito), Aktwal na halaga ng graduation album(Kung bumili ka mula sa isang bata na na-certify noong ika-1 ng Marso. Ang maximum na halaga:PaaralangElementarya11,000yen, Junior High School10,000yen)

(2) Actual cost sa pagpasok (May one-way distance na mahigit sa 4km sa paaralang elementarya at mahigit 6 km naman sa Junior HS gamit ang pampublikong sasakyan, hindi kabilang ang mga pumapasok mula sa labas ng school zone. ).

(3) Medical Expenses Iyon lamang sinabi ng paaralan na ipagamot tulad ng Trachoma, Conjunctivitis, Ringworm, Scabies, Impetigo, Otitis media, Chronic rhinitis, Adenoid, Tooth decay at Parasitic worm.

(4)Hindi na kailangang magbayad ng Japan Sport Council Mutual Aid Premium.

## Application

※Kailangang mag-apply taun-taon kung nais ipagpatuloy.　Hindi ito automatic na nare-renew.

◆**Mga kailangan**

(1) Application Form･･･Makukuha sa kani-kaniyang paaralan o sa 9F City Hall Board of Education School Education Dept.

(2) Inkan（認印 *Mitome in*）

(3) Kung ang address noong January 1, 2025 ay sa labas ng city, maaaring pakuhain ng 2024 Income Certificate sa lugar na tinirhan (kabilang ang kasama sa pamilya) at ipasa.

※ Sa mga hindi nag-declare ng income, magpasa muna ng income declaration sa Municipal Tax Office. Kung walang income (maliban kung dependent ), mag-declare pa rin ng No Income.

◆**Lugar kung saan ipapasa ang application**


(1) Sa kasalukuyang pinapasukang Yokkaichi City Elementary School o Jr. HS.

(2) Papasukang Yokkaichi City Elementary School o Jr. HS.

(3) Board of Education School Education Dept.

※ Kung may magkapatid na nasa Elementary at Jr. HS：1 Application lamang ang ipasa sa Elementary School o Jr. HS. o sa Board of Education School Education Dept.　(Hindi kailangang magpasa sa 2 paaralan. )

Kung may planong lumipat sa labas ng Yokkaichi City bago magkatapusan ng March 2026 o pumasok sa pribadong paaralan, huwag na pong mag-apply bago pumasok. (Maaari muling mag-apply kapag pumasok sa Yokkaichi city ).



◆ **Deadline ng pasahan** <u>**Okt. 31, 2025（Biyernes)**</u>

Ngunit, tatanggapin ang application form anumang oras kahit tapos na ang deadline.

## Screening

Sa Income screening, iche-check ang 2024 <u>income</u> (※2) ng <u>lahat ng miyembro ng pamilya (※1)</u>.

（※1）Buong pamilya･･･May relasyon man sa dugo o wala, <u>lahat ng kasamang namumuhay at kasama sa pamilya na nakasaad sa Residence certificate</u>. Kung may nakahiwalay na namumuhay ngunit kasama sa kabuhayan, kung kabilang sa pamilya, kasama rin ang kita ng taong iyon sa family income.　Ngunit, hindi kabilang kung praktikal na hiwalay na namumuhay gayun din ang kabuhayan.

（※２）Income･･･Ito ang halaga ng kinita ng taong nagtatrabaho na nakasaad sa 源泉徴収票(Tax withholding slip) pagkatapos ng mga deduction.　Sa mga may sariling negosyo, ito ang halaga ng kita na nakasaad sa 確定申告書(Final income tax return).

**Pagkatapos ng Income screening, dagdag nito ay nagsasagawa ng kompirmasyon.**

◆ **Notipikasyon ng resulta ng screening**

Ang resulta ng screening para sa educational support ay ipapadala sa pamamagitan ng mail sa simula ng January 2026.

## Pagbibigay ng tulong

Ipapasok ito sa ipinasang bank account ng magulang.　Ngunit, kung mayroon kayong hindi pa nababayarang billing sa paaralan, ang educational support ay ilalaan para sa school billing na hindi niyo pa nababayaran

## Pamantayan ng Income (Ref)

Ang pamantayan ng income ay iba-iba depende sa miyembro ng pamilya, edad at kondisyon ng tirahan. Nasa ibaba ang batayan.　( Kasalukuyang halaga ng September 2025, nagbabago depende sa taon)

| Miyembro ng Pamilya (Edad) | Estimated Net Income Criteria | Estimated Total Income |
|---|---|---|
| 2tao（Edad ３３･１１） | Halos2,760,000yen | Halos4,130,000yen |
| 3tao（Edad ３６･８･６） | Halos3,550,000yen | Halos5,110,000yen |
| 3tao（Edad ３８･37･６） | Halos3,180,000yen | Halos4,650,000yen |
| 4tao（Edad ４０･３５･６･２） | Halos3,390,000yen | Halos4,910,000yen |
| 5tao（Edad ４０･３７･９･５･０） | Halos3,460,000yen | Halos5,000,000yen |
| 6tao（Edad ４３･４１･12･８･５･３） | Halos3,590,000yen | Halos5,160,000yen |

<u>Itanong ang detalye ng sistema sa kani-kaniyang paaralan o Board of Educ. School Educ. Dept.　（TEL354－8250）.</u>